



Pangunahing Serye: Johnson & Johnson (J&J)

Ang lahat ng tumanggap ng isahang dosis ng bakunang Johnson and Johnson (J&J) ay kailangang kumuha ng pampalakas [booster] na dosis. Kinabibilangan ito ng mga taong may banayad o malubhang huminang mga sistema ng imyunidad. Ang pampalakas (booster) na dosis ay maaaring alinman sa mga bakuna sa COVID-19 (J&J, Pfizer, o Moderna). Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga panganib at benepisyo ng isang pampalakas na dosis o tungkol sa kung anong bakuna ang kukunin bilang pampalakas na dosis.

Dosis 1

Pampalakas (Booster) na Dosis



Hindi bababa sa 2 buwan



Pangunahing serye ay J&J

Alinmang bakuna sa COVID-19

Pangunahing Serye: Pfizer o Moderna

Ang pampalakas (booster) na dosis ay para sa mga tao na tumanggap ng Pfizer o Moderna bilang kanilang pangunahing serye ng 2-dosis na nakakatugon sa mga partikular na kondisyon. Ang pampalakas (booster) na dosis ay maaaring alinman sa bakuna sa COVID-19 (J&J, Pfizer, o Moderna). Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga panganib at benepisyo ng pampalakas na dosis, kung ang pampalakas na dosis ay tama para sa iyo, o kung anong bakuna ang kukunin bilang pampalakas na dosis.

Mga taong **dapat** na kumuha ng pampalakas na dosis:

- ✓ mga taong edad 65 taong gulang pataas
- ✓ mga taong edad 18 taong gulang pataas na naninirahan sa mga kapaligiran ng pangmatagalang pangangalaga
- ✓ mga taong edad 50-64 na may [mga pinagbabatayang medikal na kondisyon](#)

Ang mga sumusunod na tao ay **maaaring** kumuha ng pampalakas na dosis:

- mga taong edad 18-49 na taong gulang na may [mga pinagbabatayang medikal na kondisyon](#)
- mga taong edad 18-64 na taong gulang na nasa mas mataas na panganib ng pagkakalantad sa COVID-19 dahil sa kanilang trabaho o pang-institusyong kapaligiran.

Ang mga taong may banayad o malubhang huminang mga sistema ng imyunidad ay maaaring tumanggap ng pampalakas na dosis 6 na buwan pagkatapos ng kanilang karagdagang (ika-3) dosis. Tingnan ang Mga Dosis para sa mga Taong may Mahihinang Imyunidad.

Pfizer

Dosis 1

Dosis 2

Pampalakas na Dosis



21 araw



Hindi bababa sa 6 na buwan



Pangunahing serye ay Pfizer

Alinmang bakuna sa COVID-19

Moderna

Dosis 1

Dosis 2

Pampalakas na Dosis



28 araw



Hindi bababa sa 6 na buwan



Pangunahing serye ay Moderna

Alinmang bakuna sa COVID-19

